



# COUNTY NG SAN DIEGO

## MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN  
Ika-8 ng Setyembre, 2020  
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

### NASAAN ANG AKING BALOTA? I-TRACK ANG BAWAT HAKBANG NITO

Kung kayo ay isang aktibong nakarehistrong botante, maaari na kayo ngayon [mag-sign up](#) para i-track ang status ng inyong balotang pangkoreo - kung kailan ipinakoreo ang balota sa inyo, kung kailan natanggap ng Tagapagrehistro ng mga Botante ang inyong ibinalik sa koreo at kung kailan ito naibilang.

Dahil sa COVID-19 pandemic, ang bawat aktibong nakarehistrong botante sa California ay makakatanggap ng isang balota sa koreo para sa Ika-3 ng Nobyembre, 2020, na Pampanguluhang Pangkalahatang Eleksyon.

Ang ballot tracking tool ay bago. Ang mga botante ay maaaring mag-sign up para sa [Nasaan Ang Aking Balota?](#) sa [sdvote.com](#) upang makatanggap ng awtomatikong email, text, o tawag na notipikasyon tungkol sa status ng kanilang balota.

Maganda ding ideya para sa mga botante na i-double check ang kanilang rehistrasyon sa mga susunod na dalawang linggo para masiguro na ipapadala ng Tagapagrehistro ng mga Botante ang balotang pangkoreo sa tamang adres.

- [Check ang impormasyon ng inyong rehistrasyon.](#) Siguraduhin na ang inyong adres ng tirahan at, kung naiiba, inyong adres pangkoreo ay up to date.
- Kayo ba ay lumipat o nagbago ng inyong pangalan? Kung kayo man ay bago sa County ng San Diego o lumipat lamang sa kabilang kalye kailangan ninyong [muling-magparehistro para makaboto.](#)
- Kayo ba ay isang unang-beses na botante? [Magparehistro para makaboto](#) – aabutin ng hindi lalampas sa dalawang minuto ito.

Ang opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ay ihahanda ang pagpapadala ng mga balota sa koreo sa kalagitnaan-ng-Setyembre, at ang mga balota ay sisimulang ipadala sa mga nakarehistrong botante sa linggo ng Ika-5 ng Oktubre. Kung ang inyong impormasyon ng botante ay up to date dapat ninyong asahan na matanggap ang inyong balota sa parehong linggo.

Ang pagboto sa pamamagitan ng koreo ay simple, mas ligtas, at secure. Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay naglunsad ng isang awareness campaign, [Bumoto Nang Mas Ligtas San Diego.](#) upang ipaalam sa publiko ang tungkol sa kaligtasan, seguridad at kadalian ng pagboto sa darating na eleksyon sa gitna ng COVID-19 pandemic.



# COUNTY NG SAN DIEGO

## MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN  
Ika-8 ng Setyembre, 2020  
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

Ang mga iyon na nais bumoto nang in person ay mayroong oportunidad pa rin para gawin iyon, ngunit sila ay maaaring makadanas ng mahahabang pila, pareho sa mga botohan at sa opisina ng Tagapagrehistro.

Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa Bumoto Nang Mas Ligtas San Diego at sa pagboto sa Ika-3 ng Nobyembre na eleksyon, bisitahin ang [sdvote.com](https://sdvote.com) o tumawag sa (858) 565-5800.

###

COUNTY**NEWS**CENTER

